Family Literacy First

Supported by HSBC

Gabay para sa Tagapangasiwa

Welcome sa *HSBC Family Literacy First*, isang programa na ginawa upang pagsamahin ang mga magulang at bata para magsaya habang natututo bilang isang pamilya. Ang bawat Module, na binuo ng ABC Life Literacy Canada na may pag-unawa na ang mga magulang ay ang una at ang pinakamahalagang guro ng isang bata, ay nagbibigay sa buong pamilya ng isang kapana-panabik na ekspedisyon sa pag-aaral.

FamilyLiteracyFirst.ca

ABC LifeLiteracyCanada

Ang mga module ng *HSBC Family Literacy First* ay binuo, isinulat at dinisenyo bilang nakakahalinang mga kuwento at gawain para sa lahat ng edad, literacy level (gaano kahusay magbasa at sumulat), at mga karanasan sa buhay, at ang mga ito madaling maiaakma para sa lahat ng kalahok. Dinisenyo ang programa upang ipagdiwang at hikayatin ang pagbabasa ng pamilya sa iba't-ibang mga pangunahing wika sa ating mga silid-aralan, komunidad at tahanan.

Mangyaring piliin ang mga bahagi na tama para sa iyo at sa iyong mga kalahok. Huwag mahiyang idagdag ang iyong mga sariling karanasan at ayusin ang mga materyales para mag-enjoy ang mga kalahok; gamitin ang kuwento, mga tanong, at gawain ayon sa sarili mong pagpapasya.

Nilalayon ng *HSBC Family Literacy First* na bawasan ang kaba ng lahat ng kalahok, itaguyod ang literacy (pagbabasa at pagsusulat) bilang isang masaya at interactive na paraan para ang lahat ng miyembro ng pamilya ay matuto, at magbigay ng isang makabuluhang pagkakataon upang magkasamang matuto sa isang community setting.

Sunud-sunod na Hakbang

Bago Simulan ang Iyong Sesyon:

- I-print ang lahat ng materyales para sa mga kalahok at mga tagapangasiwa kasama ang Libro ng Gawain, Gabay ng Tagapangasiwa at mga Feedback form para sa bawat dadalo.
- Kumuha ng mga materyales para sa pagsusulat at gawain (hal., papel, pen, name cards, krayola, marker, gunting, pandikit) para sa lahat ng dadalo.
- Tiyakin na mayroong sapat na espasyo at naaangkop na layout ng silid para sa iyong sesyon — mainam ang magkaroon ng lugar para sa maliit na grupo, one-on-one na talakayan, o parang classroom.
- Maglagay ng karatula para sa direksyon, kung saan ito kinakailangan.
- Maghanda ng mga inumin kung mayroon.

Welcome:

- Personal na batiin ang bawat pamilya at ituro sila sa kanilang lugar kung saan sila magtratrabaho.
- Ipakilala ang iyong sarili at sinumang mga boluntaryo, at ilarawan ang iyong tungkulin bilang host habang binabati mo ang lahat na dumalo sa programa.
- Ibalangkas ang mga detalye ng sesyon gamit ang:
    - Oras ng pagsisimula at pagtatapos ng sesyon
    - Breaks
    - Lokasyon kung saan makikita ang mga CR, exit, paradahan, inumin, restawran, atbp.
- Kumpirmahin na mayroong Module ang lahat ng dadalo.

Pagsisimula:

- Hikayatin ang lahat ng kalahok na ipakilala ang kanilang mga sarili sa maliliit na grupo o sa buong grupo, depende sa ayos ng pag-aaral.
- Inaasahan ang pagbibigay-galang sa lahat.
- Walang pagsusulit! Dapat masaya ang sesyon para sa lahat.
- Tatanggapin ang mga tanong at komento—mangyaring ibahagi ang mga ito!
- Kompidensyal ang sesyon na ito—ang anumang sasabihin mo rito ay hindi malalaman ng sinomang iba.
- Mayroong mga online na materyales para sa pagsusuri at ipi-print ang mga ito pagkatapos ng sesyon. Tinatanggap ang mga mungkahi!

Ang Iyong Tungkulin Sa Sesyon:

Ang pangunahin mong tungkulin ay ang gabayan at pangasiwaan ang mga gawain, pag-uusap at paglahok. Simulan ang sesyon na pinaka-akma sa iyong mga kalahok at komunidad. Narito ang ilan sa mga mungkahi, ideya at komento na maaaring sumuporta sa iyong pangangasiwa:

Bahagi 1: Kuwento

- Ipakilala ang pangalan ng Module. Kung maraming module ang tatapusin sa isang sesyon, isa-isang banggitin ang mga ito (hal., “Ang pangalan ng Module na gagamitin natin ngayon ay…”).
- Tanungin ang mga kalahok kung ano sa palagay nila ang magiging kuwento. Hikayatin ang talakayan na iyon.
- Hilingin ang mga kalahok na basahin nang malakas ang kuwento, sa isang malaking grupo o kaya sa mga grupo ng pamilya.

Bahagi 2: Mga Tanong sa Talakayan

- Dinisenyo ang mga tanong para sa masaya at nakakahalinang talakayan bilang isang grupo upang suportahan ang pag-aaral tungkol sa mga elemento ng kuwento, sa kuwento mismo at sa kaugnayan nito sa taong babasa, pamilya at komunidad. Katulad ng lahat ng mga gawain, opsyonal ang mga tanong – huwag mahiyang magsama nang kung ilan ang gusto mong mga katanungan sa iyong programa.
- Basahin nang malakas ang bawat tanong para sa pamilya o grupo.

Bagay na Dapat Isipin Bago Ka Magbasa:

- Mula sa pamagat, tungkol saan ang kuwentong ito, sa palagay mo?
- Mula sa mga larawan, mahuhulaan mo ba kung ano ang mangyayari sa kuwentong ito?
- Ano ang ipinaramdam sa iyo ng mga larawan tungkol sa kuwentong ito? Gusto mo bang malaman kung ano ang mangyayari?
- Ano ang naaalala mo sa mga larawan? May naaalala ka bang ibang libro, pelikila, o bagay na nangyari sa iyo?

Bagay na Mapag-iisipan (o Mapag-uusapan!) Pagkatapos mong Magbasa:

- Itong kuwento ba ay nagpapaalala sa iyo kung anumang nangyari sa iyo?
- Kung maaari mong baguhin ang kuwento, paano mo ito babaguhin?
- Kung maaaring mong tanungin ang may-akda ng isang tanong, ano ang magiging tanong iyon?
- Ano ang naramdaman mo tungkol sa kuwento?

Bahagi 3: Mga Salita sa Kuwento at Mga Elemento ng Kuwento

- Ipaliwanag na ang pahinang ito ay isang glossary (ibig sabihin, isang listahan ng mga kahulugan para sa mga partikular na salita sa kuwento o tungkol sa istruktura ng kuwento) at maaari itong basahin ng mga pamilya kahit kailan sa panahon ng sesyon.
- Tanungin kung mayroong anumang iba pang mga salita o parirala na dapat isama sa glossary. Pakitala ang anumang mga idinagdag at isama ang mga ito sa iyong feedback sa ABC.

Bahagi 4: Mga Gawain ng Pamilya

- Bilang isang grupo, na tutukuyin mo o ng bawat pamilya, pumili ng mga gawain na gusto mong matapos. Hindi kailangang tapusin ang lahat ng gawain; gawin lang ang mga gawain na gusto mo.
- Payagang mabago ang bawat gawain upang mahusay na mabigyan ng inspirasyon ang grupo o mga pamilya, nang sumali sila sa talakayan.
- Basahin nang malakas at marahan ang mga tagubilin. Ipaliwanag ang gawain sa sarili mong salita.
- Gumawa ng halimbawa o ipakita muna ang bawat hakbang ng gawain, at pagkatapos ay ulitin ang mga ito kasama ng mga kalahok. Ulitin ang mga hakbang kung kinakailangan, sa pamamagitan ng paggawa ng halimbawa tuwing gagawin ito.
- Pana-panahong pakinggan ang mga pamilya bilang grupo at ang bawat tao upang matiyak na walang naiiwanan. Bagalan o bilisan ang gawain, depende sa kung gaano kabagal o kabilis ang grupo.
- Gumamit ng mga open ended na tanong (mga tanong na kailangan ng mahigit pa sa sagot na “oo” or “hindi”) kung saan maaari. Maaaring gawing halimbawa ang pagtatanong ng “Mayroon bang makakapagpaliwanag sa akin kung ano ang susunod nating hakbang?” sa halip na “Naiintindihan ba ng lahat?”

Bahagi 5: Feedback

- Kapag natapos na ang Module, hilingin sa mga kalahok na sagutan ang mga feedback form.
- Pakibahagi rin ang iyong feedback gamit ang link ng SurveyMonkey na ibinigay ng ABC Life Literacy Canada.

Pagtatapos ng Sesyon

- Pasalamatan ang lahat ng kalahok para sa kanilang dedikasyon sa family literacy at para sa kanilang paglahok sa programa.
- Kunin ang lahat ng feedback form ng mga kalahok at ipadala ang mga ito sa:

ABC Life Literacy Canada
110 Eglinton Avenue East, Suite 604
Toronto, ON M4P 2Y1

Fax: 416-218-0457
e-mail: info@abclifeliteracy.ca

Salamat sa pangangasiwa mo sa programang *HSBC Family Literacy First!*